# Benepisyo ng mga empleyado ng QC hall, itinaas

Tatanggap na ng mas mataas na benepisyo ang mga empleyado ng Quezon City hall.

Ito ay makaraang aprubahan ng QC council sa pangunguna ni QC Vice Mayor Joy Belmonte ang dalawang ordinansa na maglalaan ng dagdag na tulong sa mga empleyado ng city hall.

Sa ilalim ng napagtibay na Ordinance No. 2727, ang rice subsidy na ibinibigay kada tatlong buwan para sa mga regular employees ng QC hall ay tataas ng P2,000 mula sa dating P1,500 . Ang subsidy ay ibibigay sa katapusan ng bawat quarter ng taon.

Samantalang ang napagtibay na Ordinance No. 2728 ay nagkakaloob ng dagdag na longevity pay para sa mga career civil service employees ng lokal na pamahalaan na P300 mula sa dating P200.

Ang tatanggap ng naturang mga benepisyo ay ang mga empleyado ng QC hall na nanungkulan ng limang taon o higit pa sa serbisyo.

"We need to make sure that our own city employees have a decent living. In light of the rising prices of goods, we want to start by helping with the most basic commodity – rice," sabi ni Belmonte.

Binigyang-diin din ni Belmonte na ang incentives ay may malaking tulong upang maibsan ang korapsyon sa lokal na pamahalaan at bigyang pagkilala ang mahuhusay na public servant na matagal nang nagseserbisyo sa mamamayan at gantimpala sa kanilang katapatan sa trabaho. (*Angie dela Cruz)*